# Bakunang Pang-COVID-19: Materyal para sa mga Pinuno ng Simbahan

*Mga kapatid,*

Ang balita ng matagumpay na paggawa ng bakuna na mabisa laban sa COVID-19 ay nagdala ng hinahanap nating pag-asa. Gayunpaman, malayo pa ang ating tatahakin. Habang tumataas ang bilang ng mga kaso at habang ang virus ay nagbabago, patuloy na maghahatid ang pandemyang ito ng pagdurusa, pagkawalay sa komunidad, paghihirap na pinansyal, at kamatayan, lalo pa at mas tinatamaan nito ang mga pinakamahihina sa ating lipunan. Sa kabila nito, “binuhay nito ang kamulatan nating tayo ay isang pandaigdigang komunidad, tayo ay nasa iisang bangka kung saan ang pasakit ng isa ay pasakit ng lahat” (Encyclical *Fratelli Tutti* [FT], 32). “Sa pagtuon natin ng ating paningin kay Jesus (Heb 12:2), at sa katiyakan nating umiiral ang Kanyang pag-ibig sa pamayanan ng Kanyang mga tagasunod, kailangan nating kumilos ng sama-sama upang makalikha tayo ng mga bagay na kakaiba at mas mahusay” (*General Audience*, 26 Ago 2020).

Sa panahong ito ng coronavirus at ng iba pang “malalaking sakit pangsangkatauhan at sosyo-ekonomiko,” ang simbahan ay tinatawag na makilahok sa iba “sa pagtahak ng daan patungo sa paghilom,” at upang makapaghatid ng “liwanag sa kadiliman, [...] katarungan sa kabila ng napakaraming kalapastanganan, [...] kaligayahan sa kabila ng maraming pasakit, [...] paggaling at kaligtasan sa gitna ng sakit at kamatayan, [...] pag-aarugang may lambing sa gitna ng poot [...] upang maihasik ang pag-ibig at gawing pandaigdigan ang pag-asa sa liwanag ng pananampalataya” (*General Audience*, 30 Set 2020). Kailangan nating “matuklasan muli na kailangan natin ang isa’t-isa, at sa pamamagitan nito, ang ating pamilyang pangsangkatauhan ay mailuwal nating muli na may mga mukha, mga kamay, at mga tinig” (Cf. *FT*, 35).

Ang unang hakbang natin patungo sa mundong mas makatarungan, pantay-pantay, at sumasaklaw sa lahat ng tao ay ang pagtulak na magkaroon at maging abot ng lahat ang bakuna para sa COVID-19, kung paanong nakabalangkas ito sa isinulat noong Disyembre 2020, *Bakuna para sa lahat: 20 punto para sa mas patas at mas malusog na daigdig*, na inilathala ng *Vatican COVID-19 Commission* at ng *Pontifical Academy for Life*.

Ang mga sumusunod na kaalaman ay naglalayon na matulungan ang lahat ng obispo, mga pari at tauhan ng tanggapan ng diocese at ng mga ahensyang serbisyong panlipunan at ahensyang pangkalusugan. Mahahanap ninyo dito ang mga impormasyon tungkol sa bakuna para sa COVID-19 na para sa iba’t-ibang uri ng madla, mga tulong para sa pagbuo ng homiliya, mga nauugnay na sinabi ni Pope Francis, *links* sa mga kapaki-pakinabang na impormasyon, at maiikling mensahe para sa mga *websites*, mga pahayagan o patalastas sa parokya, at iba pang *media*. Ang *Gabay Pampamilya sa Coronavirus (COVID-19)* ay dinisenyo upang makatulong sa mga lokal na pamayanan at para itama ang mga nagkalat na maling impormasyon.

Napapaloob sa mga materyal na ito ang saloobin ni Pope Francis na dapat makatanggap ang lahat ng bakuna at maging abot ito ng lahat ng tao. Kahit na ang pagpapabakuna ay kusang-loob na ginagawa, “ang moralidad nito ay nakasalalay hindi lamang sa pagprotekta ng sariling kalusugan ngunit pati rin sa ating katungkulang isulong ang kabutihan ng nakararami” (CDF, 21 Dis. Nota). Ngayong nakatingin tayo sa hinaharap, pinapaalalahanan tayo kung paanong “ang bawat isa ay may magkakaugnay at may angking karupukan”(*General Audience*, 12 Agosto 2020) at upang “makabuo ng malusog, panlahatan, makatarungan at mapayapang lipunan, kailangang sa kabutihan ng nakararami natin ito isandig” (*General Audience*, 9 Setyembre 2020). Ariin nating gawaing pag-ibig sa kapwa at pananagutang moral ang pagtitiyak na ang lahat ay may pagkakataong makakuha ng bakuna.

Umaasa kami na ang materyal na ito ay makatutulong sa parokya, mga klinika, paaralan, mga ahensyang panlipunan, at marami pang iba. Kung mayroon kayong katanungan o mungkahi kung paanong maaaring maging bahagi ang mga lokal na simbahan, makipag-ugnayan lamang sa vcc@humandevelopment.va.

*Cabina di Regia ng Vatican COVID-19 Commission*


Mons. Bruno Marie Duffé
Sekretarya

H. E. Card. Peter K. A. Turkson
*Prefect*

Rev. Fr. Augusto Zampini
Katuwang na Sekretarya

Ang nilalaman ng resource kit na ito ay dinisenyo upang may kalayaan kayong maibahagi ang mga indibidwal na bahagi nito o ang buong materyal. Ang mga pinanggalingan ng impormasyon sa *Mga Katanungang Klinikal Tungkol sa Bakunang Pang-COVID-19* at *Gabay Pampamilya sa Coronavirus (COVID-19)* ay matatagpuan sa *Mga Link sa Mapagkukunan ng Impormasyon sa COVID-19 at sa mga Bakuna*, kung saan dadalhin ka nito sa ibang websites na may karagdagan at mas malawig na kaalamang siyentipiko at pangkalusugan.

## Talaan ng Nilalaman


1. **Mga Pinakabagong Tala Tungkol sa Bakunang Pang-COVID-19**
   (1 pahina)

2. **Bakunang Pang-COVID-19: Mga Katanungang Klinikal at Etikal**
   (3 pahina)

3. **Mga Natatanging Katanungan para sa mga Pinuno ng Simbahan Tungkol sa Bakunang Pang-COVID-19**
   (2 pahina)

4. **Bakunang Pang-COVID-19: Mga Materyal Pang-Homiliya at Pantalakayan**
   (3 pahina)

5. **Gabay Pampamilya sa Coronavirus (COVID-19)**
   (2 pahina)

6. **Bakunang Pang-COVID-19: Materyal na Pang-*Social Media***
   (1 pahina)

7. **Mga Link sa Mapagkukunan ng Impormasyon sa COVID-19 at sa mga Bakuna**
   (1 pahina)



Palazzo San Calisto, 00120 Città del Vaticano

Twitter: @VaticanNews and @VaticanIHD
Email: vcc@humandevelopment.va
Telepono: +39 06 698 92767

https://www.humandevelopment.va/en/vatican-covid-19.html



5 Agosto 2021

# Mga Pinakabagong Tala Tungkol sa Bakunang Pang-COVID-19

Ngayong patuloy tayong kumakaharap sa mga bagong kalagayan dulot ng malawakang banta na dala ng pandemyang COVID-19, may nailahad na mga moral at etikal na isyu tungkol sa bakunang pang-COVID-19. Ang mga sumusunod na tala ay makatutulong na sagutin ang mga katanungang moral at etikal na may kinalaman sa pagbubuo at pamamahagi ng bakunang pang-COVID-19.

Tala sa moralidad ng paggamit ng ilang bakunang pang-COVID-19 mula sa *Congregation for the Doctrine of the Faith, 21 Disyembre 2020.*

Isinasaad sa isang tala mula sa *Congregation For the Doctrine of Faith* na inaprubahan ni Pope Francis, na dahil sa kalagayang nangyayari ngayong pandemya, "lahat ng bakuna na ligtas at mabisa ayon sa klinikal na pagsusuri ay maaaring magamit ng may malinis na konsensya. Kaalinsabay nito ay tinatanggap din natin na ang paggamit nito ay hindi nangangahulugang pormal tayong sumasang-ayon sa aborsyon kung saan nanggagaling ang mga cells na ginagamit sa paggawa ng bakuna." Tinutukoy nito ang mga alinlangan at katanungan tungkol sa moral na aspeto ng bakunang pang-COVID-19, kasama ang responsibilidad ng mga *biomedical researchers* at mga ahensya ng gamot, ang moralidad ng pagbabakuna, pag-access sa bakuna, at ang paglilinaw na "ang moral na paggamit ng mga ganitong bakuna sa mga akmang kondisyon ay hindi nangangahulugang ginagawa nitong lehitimo, kahit sa hindi tuwirang paraan, ang pag-aaborsyon." (CDF, Note, 21 Disyembre 2020)

Bakuna para sa lahat: 20 punto para sa mas patas at mas malusog na daigdig mula sa *Vatican COVID-19 Commission & Pontifical Academy for Life*, 29 Disyembre 2020.

Sa pinagsamang pahayag ng *Vatican COVID-19 Commission & Pontifical Academy for Life*, tinutugon ng talang ito ang mga isyu at prayoridad na lumilitaw mula sa iba't-ibang yugto ng pagbuo ng bakuna, mula sa pagsasaliksik at pagpapaunlad, patungo sa patents at komersyal na paggamit, kasama ang pag-apruba, pamamahagi at pangangasiwa. Inuulit na isinasaad nito ang kritikal na gampanin ng bakuna upang masugpo ang pandemya, hindi lamang para sa kalusugan ng indibidwal kundi upang mapangalagaan ang kalusugan ng lahat. Pinaaalalahanan ng *Vatican Commission* at *Pontifical Academy for Life* ang mga pinuno sa buong mundo na dapat maibahagi ang bakuna ng patas at pantay-pantay sa lahat, lalo na doon sa mga pinakananangangailangan. (Inilabas na pahayag sa *press* ng *Vatican COVID-19 Commission* at ng *Pontifical Academy for Life*, 29 Disyembre 2020)

Madaliang Kilos Upang Maabot ng Lahat ang Bakunang Pang-COVID-19: Walang dapat maiiwan mula sa *Caritas Internationalists*, 5 Pebrero 2021.

Sa inilabas na pahayag nitong 2021, tinawagan ng *Caritas Internationalis* ang mga pinunong pulitikal na huwag lang isaisip ang sarili nilang bansa bagkus tingnan din ang kapakanan ng mas nakararami upang matiyak na abot ng lahat ang bakunang pang-COVID-19, lalo na ng mga mahihirap, at walang ibang maiiwan. Ang pagbubuklod ng 165 na Katolikong kapisanang pang-*relief*, pangkaunlaran, at serbisyong panlipunan na kumikilos sa mahigit na 200 bansa sa buong mundo ay nagtawag ng ilang tiyak na kilos, kasama na rito ang pagpupulong ng *UN Security Council* upang harapin ang mga sumusunod na isyu ang pagkakaroon ng lahat ng bakuna bilang isang pandaigdigang problemang pangseguridad, ang pagpapatawad sa utang ng mga pinakamahihirap na bansa, ang pagpapalaganap ng mga lokal na bakuna, at marami pang iba. (*Vatican News*, 5 Pebrero 2021)

# Bakunang Pang-COVID-19: Mga Katanungang Klinikal at Etikal


Larawan mula sa *Vatican News*

*"Bakuna para sa lahat, lalo na sa mga pinakamahina at pinakanangangailangan sa lahat ng bahagi ng daigdig."*

- Pope Francis, Enero 2021

*Umaasa kami na ang mga sumusunod ay makatutulong upang masagot ang mga katanungan tungkol sa bakunang pang-COVID-19 sa loob ng inyong mga lokal na simbahan at pamayanan. Ang mga kalakip na impormasyon sa bakuna ay batay sa pinakabagong siyentipikong pananaliksik at patuloy na dinadagdagan habang nagkakaroon ng bagong kaalaman. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa bakunang pang-COVID-19, makipag-ugnayan sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o mga manggagawang pangkalusugan.*

### Ano ang bakuna at bakit ito mahalaga?

- **Ang bakuna ay isang simple, ligtas, at mabisang paraan upang maprotektahan ang mga tao laban sa nakapipinsalang sakit** sa pamamagitan ng paggamit ng likas na panlaban ng katawan at makabuo ng panlaban sa mga mapanganib na impeksyon.
- Ang iba't-ibang uri ng bakuna ay gumagana as iba't-ibang paraan upang magbigay ng proteksyon. Tinuturuan nito ang ating *immune system* na makabuo ng *antibodies* - tulad ng ginagawa nito kapag nahantad ito sa isang sakit. Ang pagkakaiba lang ng bakuna ay hindi ito nagdudulot ng karamdaman at hindi rin tayo inilalagay sa panganib na dulot ng mga komplikasyon ng sakit.
- Ang pagbabakuna ay isang ligtas at mabisang paraan upang maiwasan ang sakit at makapagligtas ng buhay. May mga bakuna na ngayon na nagpoprotekta laban sa hindi bababa sa 20 sakit, at bilang bunga, hanggang 3 milyong tao ang naililigtas mula sa kamatayan bawat taon. Kapag tayo ay nagpabakuna, hindi lang sarili natin ang mapoprotektahan kundi pati ang mga nasa paligid natin. Dahil ang ilang mga tao ay hindi maaaring mabakunahan dahil sa kanilang kalagayang pangkalusugan o iba pang dahilan at pinayuhang huwag kumuha ng ilang mga bakuna, sila ay nakasalalay sa atin na maaaring magpabakuna upang mabawasan ang pagkalat ng sakit.

Marami pang kaalaman tungkol sa kahalagahan ng bakuna ang matatagpuan dito.

### Paano gumagana ang mga bakuna at paano nilang pinoprotektahan ang bawat isang tao at mga pamayanan?

- **Binababawasan ng mga bakuna ang peligro ng pagkakaroon ng sakit** dahil tinutulungan nitong bumuo at palakasin ang likas na panlaban ng katawan sa sakit upang makabuo ng proteksyon. Ang mga bakuna ay karaniwang pinipigilan ang ating pagkakakasakit, at hindi ito gamot kung maysakit na tayo.
- "*Herd immunity*" - o ang tinatawag na pampamayanang *immunity* - ay ang proteksyon na maaari nating makuha mula sa isang nakahahawang sakit kapag may sapat na bilang ng mga tao sa isang pamayanan na mayroon nang proteksyon sa pamamagitan ng pagbabakuna o sa nakaraang impeksyon. Ang pagkakaroon ng *herd immunity* sa pamamagitan ng pagbabakuna ay ligtas at nakapagliligtas ng buhay.

### Paanong ginagawa at sinusuri ang mga bakuna? Ano ang nasa bakuna?

- **Ang bawat bakuna ay dapat dumaan sa malawak at mahigpit na pagsusuri** upang tiyakin na ito ay ligtas bago pa man ito simulang ipagamit sa isang bansa. Ang isang pang-eksperimentong bakuna ay unang sinusubukan sa mga hayop upang masuri ang pagiging ligtas nito at ang bisa nitong maiiwas tayo sa sakit. Pagkatapos nito ay dadaan ito sa ilang klinikal na pagsubok sa mga tao na mahigpit na sinusuri bago simulan ang isang malawakang pagbabakuna sa isang bansa.







Mga larawan mula sa *Vatican COVID-19 Commission*

- Kasunod ng pagpapasimula ng pagbabakuna, tuloy-tuloy na masusing pagsubaybay ang ginagawa upang masuri para sa anumang hindi inaasahang masamang epekto ang bakuna, pati na rin ang patuloy nitong bisa.
- Ang mga sangkap ng bakuna na nakalista sa tatak o etiketa ay maaaring hindi pamilyar sa atin, ngunit marami rito ay likas sa ating katawan at kapaligiran. Lahat ng sangkap ng mga bakuna - kasama na rin ang mga bakuna mismo - ay lubusang sinuri at sinubaybayan upang tiyakin na ligtas ang bakuna, pati na rin ang dami ng paggamit nito.

### Bakit dapat mabakunahan ang mga tao, kasama ang bakuna sa COVID-19?

- **Ang dalawang dahilan sa pagbabakuna ay upang maprotektahan ang sarili natin at ang mga nakapaligid sa atin** bilang bahagi ng pagmamahal sa ating kapwa. Kung walang bakuna, tayo at ang mga nakapaligid sa atin, lalo na ang mga mahihina, ay nanganganib na magkaroon ng malubhang karamdaman, kabilang ang COVID-19.
- Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay kailangang maunawaan bilang isang kawang-gawa para sa mga kasama natin sa ating pamayanan. Dapat nating isaisip na ang ilang mga tao ay hindi maaaring magpabakuna; nakasalalay sila sa mga nakapaligid sa kanila na magpabakuna nang sa gayon ay hindi kumalat sa pamayanan ang sakit na maaaring magdulot ng pagkahawa nila. Samakatuwid, ang ligtas na pagpapabakuna ay marapat na ariin nating isang pagmamalasakit sa ating kapwa at bahagi ng ating moral na pananagutan para sa ikabubuti ng mas nakararami.
- Sa panahon ngayon, madaling makatawid sa iba't-ibang lugar ang mga nakahahawang sakit at maaaring makahawa ng mga hindi protektado. Nangangahulugan ito na walang ligtas hanggang hindi ligtas ang lahat sa pandemya.

### Ligtas ba ang mga bakuna, kabilang ang mga bakunang pang-COVID-19?

- **Ang pagpapabakuna, gamit ang bakunang dumaan sa mahigpit na pagsusuri, ay ligtas gamitin**. Ang mga epekto mula sa isang bakuna (*side effects*) ay karaniwang maliit at pansamantala lamang, tulad ng pananakit ng braso o sinat. Maaari itong magdulot ng mas malubhang epekto ngunit ito ay bihira lamang.
- Patuloy na nagsusubaybay ang mga siyentipiko ng mga tanda na ang isang bakuna ay maaaring maging sanhi ng mga panganib sa kalusugan. Ang kabutihang naidudulot ng pagpapabakuna ay hamak na mas malaki kung ihahambing sa maaaring panganib mula dito. Mas maraming sakit at pagkamatay ang magaganap kung walang bakuna. Sa ngayon, ang bakuna ang pinakamainam na solusyon sa impeksiyon ng COVID-19 at katugunan sa pandemya.

### Ang mabilisan bang pagbuo ng bakunang pang-COVID-19 ay may epekto sa pagiging ligtas nito?

- Mabilis na nabuo ng mga siyentipiko ang bakunang pang-COVID-19 dahil ang iba't-ibang yugto ng pagbuo nito ay nangyayari nang sabay-sabay, hindi dahil pinawalang-bahala ang mga pamantayan sa kaligtasan.
- Ang bakunang pang-COVID-19 ay sumailalim sa maraming pagsubok at dumaan sa mga pagsisiyasat pangkaligtasan at mga independiyenteng pagsusuri katulad ng ibang mga bakuna. Maingat rin itong sinusubaybayan matapos itong mapahintulutan at ipagamit upang tiyakin na patuloy itong nakatutugon sa mahigpit na pamantayan ng bisa at kaligtasan.
- Maraming taon din ng pagsasaliksik sa mga kauring viruses at paggawa ng bakuna ang nagbigay kaalaman sa paglinang ng bakunang pang-COVID-19. Ngayon pa lamang nangyayari ang ganitong uri ng masinsin na pagbabahagi at pagtutulungan ng mga siyentipiko sa pag-aaral at pagsasaliksik.
- Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ito: The World Health Organization.







Mga larawan mula sa *Vatican COVID-19 Commission*

### Anong mga bakuna ang kasalukuyang mayroon na para sa COVID-19?

- Ang kalipunan ng mga siyentipiko at ng mga tagagawa ng bakuna sa buong mundo ay mas mabilis nang kumikilos upang linangin at gumawa ng mga bakuna na magbibigay ng proteksyon sa mga tao laban sa COVID-19 at makatutulong tapusin ang krisis na ito. Mula nang lumitaw itong bagong coronavirus, may ilan nang mga bakuna ang pinahintulutan at nasimulan nang ibahagi. Karamihan ng mga bansa ay may kani-kanilang pambansang alituntunin na nagpapasya kung ang bakuna ay angkop na gamitin sa kanilang teritoryo. Sumangguni sa kagawaran ng kalusugan ng inyong bansa upang malaman kung anong mga bakuna ang may pahintulot at anong bakuna ang mayroon sa bansa ninyo.
- Ang mga kapisanan tulad ng World Health Organization, European Union, at mga ahensiyang nangangasiwa sa mga alituntunin, ay palagiang naglalabas ng mga pinakahuling balita at pangyayari tungkol sa bakuna.

### Mayroon bang mga masamang epekto o *side effects* mula sa mga bakuna, kabilang na ang mga bakunang pang-COVID-19?

- Tulad ng kahit anong gamot, ang mga bakuna ay maaaring magdulot ng banayad na *side effects*, tulad ng sinat, o pananakit o pamumula sa bahaging tinurukan. Kusang mawawala ang mga ito makalipas ang ilang araw. Ang malubha o matagal na *side effects* ay bihirang-bihira.
- May mga ulat ukol sa mga hindi kritikal na *allergic* na reaksyon sa ilang natatanging uri ng bakunang pang-COVID-19, ngunit makapagbibigay ng angkop na payo ang mga lokal na manggagawang pangkalusugan para sa mga nakakaramdam ng mga reaksyong ganito.

### Ako ba ay protektado sa sandaling ako ay mabakunahan para sa COVID-19?

- May mga bakuna na nangangailangan ng dalawang iniksyon. May iba na nangangailangan ng isa lamang. Maaaring umabot ng isa hanggang dalawang linggo upang makabuo ang ating katawan ng ilang proteksyon mula sa unang dosis ng bakuna. Para sa ilan na nangangailangan ng pangalawang dosis, ang pinakamalakas na proteksyon ay magsisimula mga ilang linggo matapos ang pangalawang dosis.

### Mapoprotektahan ba ako ng bakunang pang-COVID-19 sa mga bagong uri (variant) at bagong katangian ng coronavirus?

- Kailangan ng higit pang mga pag-aaral upang maunawaan kung paanong naaapektuhan ng ibang uri ng coronavirus ang bisa ng bakunang kasalukuyan nating ginagamit. Sinusundan ng *World Health Organization* ang mga bagong uring lumilitaw mula nang nagsimula ang pagkalat nito sa mundo noong Enero 2020. May binuo silang mga sistema upang agarang matukoy at mapag-aralan ang mga lumilitaw na uri. Ang *World Health Organization* ay palaging nagbibigay ng impormasyon sa mga bansa at sa publiko kapag mayroon silang bagong natutunan tungkol sa mga bagong uri ng virus. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Disease Outbreak News* para sa pangkalahatang-ideya ng mga uri ng coronavirus at sa pinakahuling tanong at kasagutan tungkol sa ebolusyon ng virus.

### Kailangan ko pa bang gawin ang pisikal na paglayo at mga hakbang pangkalinisan kung ako ay nakapagpabakuna na ng para sa COVID-19?

- Nagbibigay man ng proteksyon ang bakuna sa mga matinding uri ng COVID-19, hindi pa rin natin alam kung gaano kabisa ito sa pagpigil ng pagkakahawa-hawa. Samakatuwid, kailangan pa ring ipagpatuloy ang pagsuot ng mask, madalas na paghugas ng kamay, at ang pisikal na paglayo sa ibang tao habang ito ay ibinibilin pa rin ng lokal na pamahalaan at awtoridad.



- Kung nakatira ka o nagtatrabaho sa masikip na kondisyon at kung saan ay kulang ang malinis na inuming tubig at mga kagamitan at pasilidad na pangsanitasyon, nararapat lamang na pag-ibayuhin lalo ang pag-iingat. Ang ganitong pag-iingat ay nararapat rin sa mga pamayanan ng mga residente at mga tirahang pangkawanggawa na kumukupkop sa *refugees* at sa mga pinalipat o pinalayas na mga tao.



### Pangmatagalan ba ang proteksyon na ibinibigay ng bakunang pang-COVID-19?

- Maaga pa upang malaman kung ang proteksyon ng bakunang pang-COVID-19 ay pangmatagalan. Habang ang bakuna ay ipinamamahagi sa buong mundo at habang patuloy ang mga pag-aaral, matututunan natin ng higit pa kung gaano katagal ang maibibigay nitong proteksyon.



Mga larawan mula sa *Vatican COVID-19 Commission*

### Makatutulong din ba ang ibang mga bakuna na maprotektahan ako sa COVID-19?

- Sa kasalukuyan, walang katibayan na ang ibang mga bakuna o di kaya'y gamot para sa ibang uri ng karamdaman (hal., gamot pang-malaria) ay maaaring gamiting panlaban sa COVID-19. Upang maprotektahan mula sa COVID-19, kinakailangan mabakunahan ng mga pinahintulutang bakunang pang-COVID-19 at magpatuloy sa pisikal na paglayo sa ibang tao, at mga hakbanging pangkalinisan.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapaunlad ng bakunang pang-COVID-19 ay matatagpuan sa *World Health Organization* at sa *U.S. Centers for Disease Control and Prevention.*

# Mga Natatanging Katanungan para sa mga Pinuno ng Simbahan Tungkol sa Bakunang Pang-COVID-19



Larawan mula sa *Vatican News*

*"Kumbinsido ako na ang pagkakapatiran ang tunay na lunas sa pandemya at sa mga kasamaang naidulot nito sa atin. Kaalinsabay ng mga bakuna, lumalabas na tila pagkakapatiran at pag-asa ang gamot na kailangan natin sa mundo ngayon."*

*- Pope Francis, Pebrero 2021*

*Bilang pinuno ng simbahan, maaaring kumakaharap ka ngayon ng mga mahihirap na katanungan tungkol sa bakunang pang-COVID-19. Ngunit maaari kang makapaglayag sa mga ito kung maipapako natin sa kabutihan ng mas nakararami ang ating mga usapan. Tulad ng paliwanag sa tala galing sa Bakuna para sa lahat: 20 punto para sa mas patas at mas malusog na daigdig, ang pag-iingat sa buhay ay isang mahalagang bahagi ng pagmamalasakit sa kabutihan ng nakararami, at kung gayon, ito ay may malalim na kaugnayan sa ating pagiging pamayanan. Dahil malalim ang ating pagkakatagni-tagni, walang ligtas hangga't lahat ay ligtas. Ang mga sumusunod na impormasyon ay makatutulong sa pagtugon sa mga mahihirap na katanungan. Ang mga ito ay nagbibigay-diin sa pagtataguyod sa kabutihan ng nakararami at sa pag-iingat sa kalusugan ng mga tao at ng kapaligiran na lubusang mahalaga.*

**Maaari ka bang magkomento sa paninindigan ng simbahan tungkol sa paggamit sa fetal cell lines para gumawa at subukan ang bakuna?**

- Ang Simbahan ay may mahabang kasaysayan sa pagtugon sa isyung ito hinggil sa ibang bakuna. Habang lalong tumatagal ang pandemya, mas dumadami ang nagdurusa at namamatay. Ipinagtatanggol ng Simbahan ang buhay at kabutihan ng nakararami at ang mga bakuna na mayroon na ngayon ay kinakailangan natin upang malabanan ang pandemya. Kailangan nating lubusang tanggapin ang mga ito para ingatan ang buhay at mabawasan ang pagdurusa.
- Tayo ay may tungkulin na protektahan ang iba mula sa impeksyon dahil sa panganib na magdudulot ito ng malubhang karamdaman - at pagkamatay para sa ilan - at ang bakuna ang pinakamabisang paraan para makamit ito. Ang mga naaprubahang bakuna ay maaaring gamitin at dapat tanggapin ng may malinis na konsensya, bilang kilos ng pakikipagkaisa sa sangkatauhan.
- Muling pinagtibay ng *Pontifical Academy for Life* noong 2005 at 2017 na ang mga bakunang may klinikal na pag-apruba ay "maaaring gamitin ng may malinis na konsensya at ang paggamit ng mga bakunang ito ay hindi isang uri ng pagsang-ayon sa kusang-loob na aborsyon." Ang ating pananagutang moral ay ang magpabakuna upang maiwasan ang malubhang panganib sa kalusugan ng mga bata at ng mas nakararaming populasyon. Ang *Congregation for the Doctrine of the Faith*, na may tungkuling itaguyod at panatilihin ang pagiging matuwid ng doktrina pagdating sa pananampalataya at moralidad, ay naglabas ng *Instruction Dignitas Personae on Certain Bioethical Questions* noong 2008 at noong katapusan ng 2020 ay isinulat dito na sa harap ng pandemyang COVID-19, lahat ng mga bakuna na klinikal na ligtas at mabisa ay maaaring gamitin.

**Anong angking kadalubhasaan mayroon ang *Pontifical Academy for Life* upang makapagbigay ng mga rekomendasyong sumasang-ayon sa pagpapabakuna at sa pagtanggap ng bakunang pang-COVID-19, na makikitang nakabalangkas sa isang papel na isinulat kasama ang *Vatican COVID-19 Commission*?**

- Itinatag and *Academy* noong 1994 bilang tulay sa pagitan ng agham, pananampalataya, at ng mundo. Ito ay nakatuon sa "pag-aaral, impormasyon, at pagbubuo ukol sa mga pangunahing suliranin sa larangan ng *biomedicine* at ng mga batas na may kinalaman sa pagtataguyod at pagtatanggol sa buhay, at higit sa lahat, sa kaugnayan nito sa Kristiyanong moralidad at sa mga tagubilin ng Magisterium ng Simbahan. Ang *Academy* ay isang mahalagang mapagkukunan ng walang kiling na impormasyong pang-agham na magagamit ng Holy See at ng mas malawak na publiko, sa pakikipagtulungan ng pandaigdigang lipunang agham at medikal.

- Ang *Academy* ay hindi kumikilos mag-isa. Kaugnay nito ang iba't-ibang *dicasteries* ng *Roman Curia*, kasama na ang *Dicastery for Promoting Integral Human Development* na katambal nila sa mga isyu ng bakuna.
- Nagbibigay-kaalaman din sa gawain ng *Academy* ang mga katambal nilang mga dalubhasa, kasama na dito ang mga *epidemiologists* na mga dalubhasa sa pagtugon sa pandemya, at iba pang may malalim na karanasan sa pandaigdigang kalusugang pampubliko.
- Ganunpaman, ang mga pasyahing may kaugnayan sa usaping doktrina at moralidad ay nakalaan para sa Kongregasyon para sa Doktrina ng Pananampalataya, at sa pinakahuli, sa Santo Papa.

**Naririnig namin ang mga magkakasalungat na impormasyon mula sa *media* tungkol sa mga bakuna at iba pang mga usapan ng kaduda-dudang pagsasabwatan sa likod nito. Ano ang dapat naming paniwalaan?**

- Ang pandemyang COVID-19 ay sinabayan din ng pandemya ng mga gawa-gawang impormasyong na nakaliligaw o nakalilito. Ang mga usap-usapan o tsismis ng mga pagsasabwatan, kasama na ang mga kuro-kuro sa kung paanong mapapagaling mula sa virus at kung sino ang dapat sisihin sa pagkalat nito ay talamak. Katulad ng *virus*, madaling kumalat ang maling impormasyon. Ito ay nakapipinsala rin at nakapagpapagulo sa maayos na pagtugon sa pandemyang COVID-19.
- Mahalagang sundin ang payo ng mga pinagkakatiwalaang institusyon, kabilang ang mga lokal na awtoridad pangkalusugan at mga *websites* ng mga kaugnay na rehiyonal at pandaigdigang kapisanan tulad ng *European Centre for Disease Prevention and Control* at ng *World Health Organization*. Makatutulong din kung hindi tayo magpapakalat ng mga hindi pa natitiyak na impormasyon mula sa mga pinanggagalingang kahina-hinala.
- Tulad ng paalala sa atin ng Santo Papa, "ang pagkalat ng pag-uugali at asal na agresibo sa ating lipunan ay mas pinalawak ng mga kompyuter at *mobile devices*." Ang mga ito ay "nagbibigay ng malayang pagkilos ng mga ideolohiya" na pumipigil sa "isang uri ng matahimik na pagdidili-dili na maaaring makapagdala sa atin ng pinagsalo-salong karunungan." Pinipigilan din nitong "makarating tayo sa pinakadiwa ng mga bagay at mapagtanto natin kung ano talaga ang mahalaga upang makapagbigay-saysay sa buhay natin"(*Fratelli Tutti*, 44-45; 50). Gayunpaman, kaya pa rin nating sama-samang "hanapin ang katotohanan sa ating pag-uusap" sa pamamagitan ng "patuloy na pagbubuo ng ating pagkakapatiran, maging lokal man o pandaigdigan... ng mga diwang malaya at bukas sa mga tunay at wagas na pagtatagpo"(*ibid*. 50).

**Ano ang kinalaman ng coronavirus sa mga paniki, mga nilalang-kagubatan, at ang krisis sa ekolohiya?**

- Ang mga *coronavirus* ay isang malaking pamilya ng mga virus na karaniwan sa tao at sa maraming uri ng hayop. Habang ang katibayan ay nagpapahiwantig na ang SARS CoV-2 *virus*, na sanhi ng COVID-19 ay malamang na nanggaling sa mga paniki, ang tiyak na pinagmulan ng *virus* ay hindi pa natutukoy. Ang mas mataas na panganib mula sa nakahahawang sakit tulad ng COVID-19 ay maaaring maiugnay sa panghihimasok at paggagambala ng tao sa masalimuot at maselan na balanse ng mga likas na ekosistema. Ang mabilis na pagpinsala ng mga nagbibigay-buhay na mga ekosistema at *biodiversity* sa mundo, tulad ng pangangalakal ng nilalang-kagubatan, pagkakalbo ng kagubatan, pagmimina, pangangahoy, at pagsasaka, ay nagdaragdag ng panganib namagkaroon ng mga bago at posibleng mas malalang mga virus na makahahawa sa tao. Kung hindi natin maisasaayos ang ating kaugnayan sa kalikasan at mga nilalang-kagubatan, maaaring masundan ito ng ibang kasinglalang pandemya.
- "Ang lahat ay magkakaugnay" ang paulit-ulit na paalala sa atin ni Pope Francis sa kanyang *encyclical* na *Laudato Si'*. Kung nais nating makaahon sa krisis na ito na mas mahusay sa dati nating kalagayan, kailangan nating isiping muli ang ating kaugnayan sa kalikasan, at kung paano natin pangangalagaan ang tahanan nating sangkatauhan.

**Mula kay Pope Francis sa pagpapalang *Urbi et Orbi*, 25 Disyembre 2020**

*Sa bahagi ng ating kasaysayan ngayon, namarkahan tayo ng matinding krisis ekolohikal at pagkakagulong pang-ekonomiya at panlipunan na pinalala ng pandemyang coronavirus. Sa panahong ito, higit na mahalaga sa atin na kilalanin and bawat isa bilang magkakapatid. Inakda ng Diyos ang pagkakapatirang ito sa pamamagitan ng pagbigay niya sa atin ng Anak niyang si Hesus. Walang kinalaman ang pagkakapatirang ito sa mga mabulaklak na salita, mga kaisipang mahirap unawain, at mga malabong kuru-kuro o damdamin. Ang pagkakapatirang ito ay nakatayo sa tunay na pag-ibig na nakatutulong sa akin na makatagpo ng mga taong naiiba sa akin, ang pagkahabag sa kanilang mga pagdurusa, ang paghalubilo at pag-aaruga sa kanila kahit hindi sila kabilang sa aking pamilya, sa aking lahi, o sa aking relihiyon. Kahit napakarami naming pagkakaiba, sila ay mga kapatid ko pa rin. Katulad din ito ng pagkakaugnay ng mga tao at bayan: lahat ay magkakapatid!*

*Ngayong panahon ng kadiliman at ng kawalan ng katiyakan sa kahahantungan ng pandemya, may iba-ibang liwanag ng pag-asa na lumilitaw, tulad ng paglabas ng bakuna. Ngunit upang makapagbigay liwanag at pag-asa ito sa lahat, kailangan munang makarating at maibahagi ito sa kanila. Hindi natin dapat hayaan ng ang mga uri ng nasyonalismo na nagdudulot ng pagkakanya-kanya ay pumigil sa atin na mamuhay kung paano talaga tayo marapat na mamuhay bilang isang tunay na pamilya ng sangkatauhan. Hindi rin natin dapat hayaan na mapangunahan tayo ng radikal na indibidwalismo na nagdudulot sa atin ng kawalan ng malasakit sa pagdurusa ng ating mga kapatid. Huwag nating unahin ang mga sarili natin, kung saan mas binibigyang-daan pa ang mga batas ng pagkakalakal at* patents *kaysa batas ng pag-ibig at kalusugan ng sangkatauhan. Kailangang himukin natin ang lahat - mga pinuno sa pamahalaan, mga negosyo, mga pandaigdigang kapisanan - na pagyamanin ang pagtutulungan at hindi ang pagpapaligsahan, at ang maghanap ng kalutasan para sa lahat: bakuna para sa lahat, lalo na sa mga mahihina at mga nangangailangan sa lahat ng bahagi ng daigdig. Bago ang iba: ang mga pinakamahihina at pinakanangangailangan muna!*

*Sa harap ng hamon na ito na walang nalalamang hangganan, hindi dapat tayo nagtatayo ng mga bakod. Tayo ay nasa iisang bangka. Ang bawat isang tao ay ating kapatid. Aninag ko ang mukha ng Diyos sa bawat isa at sa mga nagdurusa, nakikita ko ang Panginoon na humihingi ng tulong. Nakikita ko siya sa mga may sakit, sa mga mahihirap, sa mga walang trabaho, sa mga taong naisasantabi, sa mga migrante at mga tumakas mula sa kanilang pinanggalingan: mga kapatid natin silang lahat!*

**Mula sa Panayam ni Pope Francis sa *Canale* (Italya), 10 Enero 2021**

*Naniniwala akong sa etikal na pananaw, lahat ay dapat tumanggap ng bakuna. Ito ang nawawastong pasya dahil ang isinusugal mo dito ay ang iyong kalusugan, ang iyong buhay, at gayundin, isinusugal mo rin ang buhay ng iba.*

**Mula sa Talumpati ni Pope Francis sa mga Kasapi ng *Diplomatic Corps* na Kinikilala para sa *Holy See*, 8 February 2021**

*Kung gayon, pinagbabagong-sikap ko ang aking panawagan na dapat na matanggap ng bawat tao ang alaga at tulong na kinakailangan nila. [...] Mahalaga rin na ang mga kapansin-pansing pag-unlad ng medisina at agham nitong mga panahong lumipas - na nagbigay-daan upang makagawa kaagad ng bakunang mabisa sa COVID-19 - ay pakinabangan ng buong sangkatauhan. Hinihimok ko ang bawat estado na aktibong mag-ambag sa mga pandaigdigang gawain na tumitiyak sa pantay-pantay na pagbabahagi ng bakuna na hindi nakatuon sa pamantayang pang-ekonomiya lamang kundi sa pangangailangan ng lahat, lalo na sa mga taong pinakanangangailangan. At kahit na ganito, bago pa man lumitaw ang mapanlinlang at pabago-bagong kalaban tulad ng COVID-19, ang pagkakaroon ng bakuna ay dapat tapatan ng responsableng kilos at pag-uugali na nakatuon sa pagpigil sa pagkalat ng virus, kung saan tayo ay gagamit ng mga kinakailangang pamantayan ng pag-iingat na nakasanayan na natin nitong mga nakaraang buwan.*

*Mapanganib na ilagay ang ating tiwala sa bakuna lamang, na para bang ito lang ang tanging lunas at hindi na natin kailangang patuloy na alalahanin ang kalusugan natin o kalusugan ng iba. Ipinakita sa ating ng pandemya, tulad ng sinabi ng Ingles na manunulat na si John Donne, "walang tao ang maituturing na isla" at "ako ay nababawasan sa pagkamatay ng sinumang tao sapagkat kasali ako sa sangkatauhan."*

**Pahayag mula sa *United States Conference of Catholic Bishops*, 11 Disyembre 2020**
*Kailangan nating maintindihan na ang pagtanggap natin ng bakunang pang-COVID-19 ay isang uri ng pagkakawanggawa sa mga kasapi ng ating pamayanan. Kailangan nating isaisip na may ibang indibidwal na hindi maaaring makapagpabakuna. Nakasalalay sila sa mga nakapaligid sa kanila na maaaring magpabakuna at magkaroon ng pananggalang na hindi kumalat ang impeksyon sa pamayanan nila at hindi sila mahawa. Dahil dito, ang ligtas na pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay isang pagkakawanggawa sa ating kapwa at bahagi ng ating pananagutang moral tungo sa kabutihan ng nakararami.*

**Mula sa Sermon ng Arsobispo ng Dublin noong Araw ng Pasko 2020**
*Naglakas-loob man ang marami sa atin na umasa na ang paglabas ng bakunang pang-COVID-19 ay isang hakbang upang tuluyan na nating malagpasan at lubusan nang iwan ang pandemyang COVID-19, huwag nating kalimutan na mayroon pa ring mga malalaking usaping pangkatarungan na may kinalaman sa pamamahagi ng bakuna na kailangan nating harapin. Mayroon tayong moral na pananagutan, na pinagtitibay ng Kasulatan, na sunggaban itong bagong diwa ng pagkakapwa-tao at ang pag-unawa sa mga katotohanan at pagdurusa na dinadanas ng iba dahil sa krisis na ito. Dapat din nating hawakang maigi ang pagkakataon na magampanan ng bawat isa ang kanilang tungkulin upang bumuo muli ng isang bago at mas makatarungang lipunan bilang isang pandaigdigang pamilya.*

**Mula sa Mensahe ng Pangulo ng *Episcopal Conference of Latin America* (CELAM) noong Bagong Taon, 31 Disyembre 2020**
*Kailangan nating bigyan ng pansin at alagaan ang buhay ng libo-libo nating mga kapatid at palakasin ang pamamalakad pangkalusugan upang matagumpay nating maharap ang pandemyang coronavirus. Kailangan ding maghanap tayo ng kalutasan sa krisis pang-ekonomiya na nagdulot ng paghihikahos ng libo-libong pamilya. [...] Walang duda na ang pag-asa na magkaroon na ng bakuna para sa lahat ay isang agarang pangangailangan at atas sa lahat ng sektor ng lipunan. Upang malampasan nang maigi ang krisis na ito, kailangan nating gawin ito nang sama-sama, nang may pagkakaisa.*

**Pahayag Mula sa Pangulo ng *New Zealand Catholic Bishops Conference*, 14 Enero 2021**
*Gumagana ang mga bakuna at nakapagbibigay ng proteksyon sa iba't-ibang uri ng karamdaman. Dahil sa mga bakuna, ang dating pangmalawakang karamdaman... ay nalipol na at nakapagligtas ng di-mabilang na dami ng buhay. Upang mailayo ang lahat mula sa sakit, mahalagang mabakunahan ang karamihan ng mga tao sa isang bansa. Lahat, kabilang na ang mga Katoliko, ay may moral na pananagutan na protektahan ang sarili nila at ang iba sa pamamagitan ng pagpapabakuna ng pang-COVID-19 sa sandaling maging karapat-dapat silang makakatanggap nito ayon sa mga nakatalagang programa sa pagpapabakuna ng kanilang pamahalaan.*

**Mula sa Liham Pastoral ng *Filipino Bishop's Conference*, 15 Enero 2021**
*Matapos ang halos isang taon ng pandemya - na may pagsasaalang-alang sa mga buhay na nakitil at sa mapinsalang dulot nito sa ekonomiya - kailangan nating magpasalamat sa Diyos dahil nakabuo ang mga siyentipiko ng mga bakuna magbibigay pananggalang sa mga tao laban sa COVID [...] Kailangang magkaroon ng kamalayan ang lahat sa kanilang tungkulin na protektahan ang kanilang sarili at ang iba sa impeksyon at protektahan din nila ang sarili nila sa ibayo pang pagkalat ng virus.*

**Mula sa Pahayag ng *Caritas Internationalis*, 5 Pebrero 2021,**
**"Dagliang Pagbabahagi ng Bakunang Pang-COVID-19: Walang Dapat Maiwan"**
*Hinihimok ni Pope Francis ang mga tao na magpabakuna dahil ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pananagutan sa ating kapwa at sa sama-sama nating kabutihan. Inulit niyang banggitin ang pangangailangan ng "bakuna para sa lahat, lalo na sa mga pinakamahihina at pinakanangangailangan sa lahat ng bahagi ng daigdig. Bago ang lahat: ang pinakamahihina at pinakanangangailangan muna!" Tayo ay nasa isang napakahalagang sandali, isang pagkakataon na isabuhay ang himala ng pagkakawanggawa sa pamamagitan ng sama-sama nating pagharap sa kasalukuyan nating pagsubok. Ang pandemya ay isang pandaigdigang suliraning panseguridad na nagbabanta sa buong pamilya ng sangkatauhan. Ang pagtugon natin sa mga isyu sa bakuna na mula sa pananaw ng makitid na pambansang estratehiya ay maaaring humantong sa isang moral na kabiguang tumugon sa mga pangangailangan ng pinakamahina sa buong mundo.*

**Pahayag mula sa *Mexican Bishops Conference*, 9 Pebrero 2021**
*Kailangan nating isipin kung ano ang layunin at pang-etikal na saysay ng ating personal na pakikipagtulungan sa kampanya ng pagbabakuna. Ang paggawa ng bakuna ay nakatuon sa pagpapalakas ng pananggalang ng ating katawan laban sa isang sakit sa pamamagitan ng pagpapasigla ng paggawa ng* antibodies *ng ating katawan. Sa mundo ngayon, ang paggamit ng mga bakuna na klinikal na tinanggap ng pandaigdigang lipunang syentipiko ay makatutulong na ingatan ang ating kalusugang pansarili at ng ating kapwa, ito ay tumutulong na mag-alaga sa sanilikha. Ito ay nagbabantay sa tunay na kabutihan ng nakararami at nagtataguyod ng tunay na kultura ng buhay, halaw sa malayang paggalang sa karangalan ng bawat tao at sa katarungan na bunga nito. [...] Tayong mga Katoliko ay hindi dapat mag-ambag sa anumang uri ng pagkalat ng maling impormasyon dahil buhay ng tao, lalo na ng mga mahihina, ang nasasapanganib. Inaanyayahan namin ang lahat ng mga tapat ng Katoliko at lahat ng kapatiran sa kabutihan, na italaga natin ang ating mga sarili sa pag-iingat at pag-iwas bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay upang maiwasan ang walang saysay na pagdurusa at pagkakitil ng mga buhay.*

**Mula sa pinagsamang pahayag ng *Caritas Europa* at ng Commission of the Bishop's Conferences of the European Union (COMECE), 23 Pebrero 2021, "*Ang European Union* at ang mga Hamon ng mga Bakunang Pang-COVID-19: Idinidiin ng mga Pinakasentrong Panuntunan ng EU ang Pantay-Pantay na Pagbabahagi ng Bakuna"**
*Ang pangako nating makiisa ang dapat na maging mapagpasyang pamantayan sa makasaysayang sandaling ito. Agaran dapat na isagawa ang pangmasang pagbabakuna. Hinihimok namin ang* European Union *na itaguyod ang malawakang pagpapabakuna hindi lamang para sa kaligtasan at proteksyon ng Europa kundi para rin sa pandaigdigang kalusugang pampubliko bilang kabutihang pampubliko. Sa ganito makikinabang ang mga taong nakatira sa mas mahihirap na bansa kung paanong nakikinabang ang mga taong nakatira sa mga bansang may kakayahang lumikha at gumawa ng mga bakuna. Ang pagtiyak na abot ng lahat ang bakuna -na mayroon nito at abot-kayang bilhin - ay isang nag-aapurang pangangailangan sa daigdig.*

# Gabay Pampamilya sa Coronavirus (COVID-19)


Larawan mula sa *Vatican News*

*"Naniniwala akong sa etikal na pananaw, lahat ay dapat tumanggap ng bakuna. Ito ay isang moral na desisyon dahil ito ay tungkol sa buhay mo at sa buhay din ng ibang tao"*

*- Pope Francis, Enero 2021*

*Ang gabay na ito ay nilikha upang masagot ang mga katanungan mo at ng iyong pamilya tungkol sa bakunang pang-COVID-19. Ang impormasyon sa mga bakuna ay halaw sa pinakahuling siyentipikong pananaliksik. Para sa ibayong impormasyon tungkol sa mga bakunang pang-COVID-19, makipag-usap lamang sa inyong lokal na manggagamot o mga manggagawang pangkalusugan.*

## Bakit ko kailangang magpabakuna para sa COVID-19?

- Kailangan nating magpabakuna upang ingatan ang sarili natin at ang mga taong nakapaligid sa atin. Kung walang bakuna, tayo - kasama na ang ating kaibigan, pamilya, katrabaho at mga kapitbahay - ay nanganganib na makakuha ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Ang pagpapabakuna ay isang kilos ng pagmamahal sa ating kapwa sa pamayanan at bahagi ng ating moral na pananagutan para sa kabutihan ng nakararami.
- Sa paglakbay at pagkilos ng mga tao sa iba't-ibang lugar, ang mga sakit tulad ng COVID-19 ay madaling nakatatawid sa ibang mga pook at maaaring makahawa sa mga hindi protektado. Ibig sabihin nito, walang ligtas hangga't hindi ligtas ang lahat sa pandemya.
- Ginagambala ng pandemya ang buhay ng ating pamilya at lipunan. Upang maprotektahan ang mga tao, may mga bansa na nagsagawa ng mga sukdulang hakbang tulad ng mga malawakang *lockdowns* na may matinding epektong sosyo-ekonomiko, politikal, ekolohikal at sikolohikal. Malaki ang magagawa ng bakuna upang maihinto ang pagkalat ng *virus* at makapagsimula na tayo sa pisikal at sosyo-politikal na paghilom. Samakatuwid, ang pagpapabakuna, sa sandaling ito ay maaaring makuha na, ay itinuturing na isang kilos ng pagmamahal para sa lipunan.

## Ligtas ba ang bakunang pang-COVID-19 at ano ba ang nilalaman nito?

- Kahit sinusubukang pabilisin ang paggawa ng mga bakunang pang-COVID-19, ang mga bakuna ay hindi pahihintulutan ng mga namamahalang ahensya na dalhin sa mga mamamayan ng isang bansa hangga't hindi naipapakita na ito ay mabisa at ligtas. Kahit pinahintulutan na ang paggamit ng mga bakunang pang-COVID-19, patuloy pa rin ang pagsubaybay sa bisa at kaligtasan nito.
- Lahat ng mga sangkap sa mga bakuna - pati na ang mga bakuna mismo - ay lubusang sinuri at sinubaybayan upang tiyakin na ang bakuna at ang sukat ng dami nito na gagamitin ay ligtas. Ang mga sangkap ng bakuna na nakasulat sa tatak nito ay maaaring hindi natin kilala ngunit likas na mayroon tayo ng marami sa mga ito sa ating katawan at sa ating kapaligiran.

## May mga epekto o side effects ba ang mga bakunang pang-COVID-19?

- Maaari kang magkaroon ng ilang *side effects* na isang karaniwang tanda na ang katawan mo ay bumubuo na ng pananggalang. Ang sinat at pananakit o pamumula sa braso ay pangkaraniwan ngunit kusang nawawala din ang mga ito matapos ang ilang araw. Mayroon ding ulat ng mahinang *allergic reactions* na natatangi sa mga bakunang pang-COVID-19. Ang inyong mga manggagawang pangkalusugan ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon kung nakararanas ka ng mga nasabing sintomas.

## Paano binuo at sinubukan ang mga bakunang pang-COVID-19?

- Bago pa dalhin sa isang bansa ang isang bakuna, kailangan nitong dumaan sa masusi at mahigpit na pagsusuri at mapatunayang ligtas at mabisa sa isang malawak na populasyon. Ang isang bakunang pang-COVID-19 ay unang sinusubukan sa mga hayop upang matiyak na ligtas ito para sa tao at upang makita kung ito ay gagana laban sa sakit. Pagkatapos ay susubukan ito sa malawak na uri ng mga tao bago ito aprubahan mapahintulutan at malawakang ipamahagi.







Larawan mula sa *Vatican COVID-19 Commission*




- Ang bawat bansa ay may mga lupon na nangangasiwa sa pagbabantay ng pagiging ligtas at mabisa ng bakuna bago ito gamitin ng malawakan. Sa buong mundo, ang *World Health Organization* ay nakikipag-ugnayan sa ilang mga independienteng lupong teknikal na sumisiyasat sa pagiging ligtas ng mga bakuna bago at matapos itong ipagamit. Ang mga bakunanga napahintulutan ng WHO na magamit ay dumaan sa mahigpit na pagsusuri at mga klinikal na pagsubok upang maipakita na ang mga ito ay ligtas at mabisa.

**Ako ba ay mapoproprotektahan kaagad pagkatapos kong magpabakuna sa COVID-19?**

- Karaniwang inaabot ng ilang linggo upang makabuo ang katawan ng sapat na pananggalang (proteksyon laban sa virus na nagdudulot ng COVID-19) pagkatapos magpabakuna. May ibang mga bakuna na nangangailangan ng dalawang pagbabakuna sa tao. May iba naman na sapat na ang isang pagpapabakuna. Para doon sa mga nangangailangan ng dalawang bakuna, ang pinakamalakas na proteksyon ay mag-uumpisa lamang ilang linggo pagkatapos ng pangalawang bakuna. Gayunpaman, mahalagang tandaan na walang bakuna ang nakapagbibigay ng 100% na proteksyon.

**Kailangan ko pa bang magpanatili ng pisikal na layo sa ibang tao kung nagpabakuna na ako sa COVID-19?**

- Kahit na ikaw ay nakapagpabakuna na, kailangan mo pa ring magsuot ng *face mask*, madalas na maghugas ng kamay, at panatilihin ang pisikal na layo sa iba hanggang iniuutos ito ng inyong pamahalaan at mga lokal na nangangasiwa. Maaari mang maprotektahan ka ng bakuna sa mga malalang anyo ng COVID-19, hindi pa rin natin alam kung gaano ito kabisang iwasan na maipasa sa iba. Ang patuloy na pisikal na paglayo sa iba at mga ugaling pangkalinisan ang pinakamainam na proteksyon natin sa pagkahawa at sa pagpasa sa iba ng *virus*.

**Makapagbibigay ba ng pangmatagalang proteksyon ang mga bakunang pang-COVID-19?**

- Ang sakit at ang bakuna ay parehong bago at hindi natin alam kung gaano katagal ang bisa nito para doon sa mga nahawa na o doon sa mga nabakunahan. Habang ipinamamahagi ang mga bakuna sa buong mundo at patuloy ang mga pag-aaral dito, mas matututunan natin kung gaano katagal ang bisa nito.

**Makatutulong ba ang ibang mga bakuna para maprotektahan ako laban sa COVID-19?**

- Sa kasalukuyan, wala pang patunay na nagpapakitang ang mga bakunang dati na nating ginagamit o ang mga panggamot sa ibang mga karamdaman ay makapagbibigay ng proteksyon sa COVID-19. Upang ikaw ay maprotektahan, kailangan mong kumuha ng isa sa mga pinahintulutang bakunang pang-COVID-19 at ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga hakbang sa pisikal na paglayo sa bawat isa at ng mga ugaling pangkalinisan.
- Ang mga bakuna ang isa sa mga pinakamabisa na maaari nating magamit upang makatulong na pahintuin ang pandemya. Ang mga bakuna ay kumikilos kaalinsabay ng ating likas na pananggalang sa katawan upang maging handa itong labanan ang *virus* oras na ikaw ay malantad sa *virus*.

**Anong mga bakunang pang-COVID-19 ang kasalukuyang maaari nang magamit?**

- Ang mga lipunang siyentipiko at mga lipunan ng mga gumagawa ng bakuna sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay lalo pang kumikilos ng madalian kaysa dati upang mapaunlad at makagawa ng mga bakunang magbibigay proteksyon sa mga tao mula sa COVID-19 at makatutulong na wakasan ang krisis na ito. Mula nang lumitaw itong bagong coronavirus, ilang bakuna na ang pinahintulutan at inumpisahang ipamahagi. Karamihan ng bansa ay may kanya-kanyang pangasiwaan na nagpapasya kung ang bakuna ay naaangkop na gamitin sa kanilang nasasakupan. Isangguni ninyo sa kagawaran ng kalusugan ng inyong bansa upang malaman kung anong mga bakuna ang pinahintulutan at kung ano ang mayroon sa inyong bansa. May ilang pandaigdigang institusyon tulad ng WHO, at mga pang-akademikong institusyon tulad ng *McGill University* na lumikha ng mga instrumento upang masundan ang mga pag-unlad ng mga bakuna at mga pahintulot na mayroon ang mga ito.

# Bakunang Pang-COVID-19: Materyal na Pang-Social Media

Hinihikayat namin kayo na tumulong sa pagbahagi at pagpapalawig ng mga mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagpapabakuna, sa tungkulin na magpabakuna sa COVID-19 oras kung ito ay posible na, at sa pangangailangang matiyak nating pantay-pantay at patas ang kakayahan ng lahat na makakuha ng bakuna kahit ano pa man ang kalagayan niya sa lipunan o kung saan siya nakatira.

Heto ang ilang mga mungkahing maaaring ilagay sa social media pati na ang ilang links sa karagdagang nilalaman at mga pagkukunan na pang-*social media*.

---

## Mga Halimbawa ng mga Lamang Pang-*Social Media*

### Halimbawa ng *Tweets*

Bilang indibidwal, tayo/ako ay may tungkuling moral na protektahan ang iba mula sa #COVID19 at ang bakuna ang pinakamabisang paraan para magampanan ito. Maaari tayong magpasailalim nito ng may malinis na konsensiya upang maingatan hindi lamang ang kalusugan natin kundi bilang pakikipagkaisa din sa mga pinakamahihina. #COVID19vaccine #VaticanCovidCommission @VaticanNews @VaticanIHD @PontAcadLife

Sa buong Simbahang Katoliko, kailangan nating magsalita upang matiyak na maihahatid ng mundo ang #COVID19vaccine para makuha ng lahat. Ito ay mahalagang unang hakbang patungo sa makatarungan, saklaw ang lahat, at pantay-pantay na daigdig. Kailangan nating maipakita na tayo ay isang pamilya ng sangkatauhan at hindi tayo magbubulag-bulagan. @VaticanNews @VaticanIHD #COVID19vaccine #FratelliTutti #VaticanCovidCommission

Sabi nga sa pagpapatibay ng @Pontifex, dapat maabot ng lahat ng tao sa lahat ng lugar ang bakunang pang-COVID-19. Ang mga bansa at mga negosyo sa buong mundo ay dapat makiisa, hindi makipagpaligsahan, upang maingatan ang mga pinakamahihina sa ating lakbayin patungo sa mapagbagong-buhay na paghilom. #FratelliTutti @VaticanNews @VaticanIHD #VaticanCovidCommission

Tulad ng sulat ni @Pontifex, #Fraternity o pagkakapatiran ang tunay na lunas sa pandemya at sa maraming kasamaang idinulot nito sa atin. Kasabay ng bakuna, pagkakapatiran at pag-asa ang lumalabas na lunas na kailangan natin sa mundo ngayon. @VaticanNews @VaticanIHD #COVID19vaccine

Sa diwa ng #Fraternity o pagkakapatiran, hindi natin dapat kalimutan ang mga pinakamahihina at pinakanangangailangan sa buong mundo. Ang pagpapabakuna ay isang gawa ng pag-ibig. @VaticanNews @VaticanIHD #VaticanCovidCommission #COVID19vaccine

Dahil banal ang bawat buhay, dapat walang sinuman ang maiiwan. Ang mga bakuna ay isang paraan ng paggalang at pag-iingat natin sa handog sa ating buhay. @VaticanNews @iamCARITAS @VaticanIHD #VaticanCovidCommission #COVID19vaccine

**Mga Halimbawa ng mga Pahayag na Maibabahagi para sa Facebook at Instagram** mula sa *Fratelli Tutti* ay makikita dito.

**Mga Karagdagang Kagamitan at Tulong (na maaaring mong mabago) Tungkol sa Pagpapabakuna** mula sa *World Health Organization* ay makikita dito.



DICASTERY FOR PROMOTING INTEGRAL HUMAN DEVELOPMENT
COVID - 19 Vatican Commission
5 Agosto 2021

# Mga *Link* sa Mapagkukunan ng Impormasyon sa COVID-19 at sa mga Bakuna

Ang mga sumusunod na tala at mga pahayag ay inilabas bilang tugon sa mga moral at etikal na pag-aalala tungkol sa mga bakunang pang-COVID-19.

- Mga tala sa moralidad ng paggamit ng ilang bakunang pang-COVID-19 mula sa *Congregation for the Doctrine of the Faith*, 21 Disyembre 2020
- Bakuna para sa lahat: 20 punto para sa mas patas at mas malusog na daigdig mula sa *Vatican COVID-19 Commission & Pontifical Academy for Life*, 29 Disyembre 2020
- Madaliang Kilos Upang Maabot ng Lahat ang Bakunang Pang-COVID-19: Walang dapat maiiwan mula sa *Caritas Internationalis*, 5 Pebrero 2021

Ang mga sumusunod na materyal ay dadalhin kayo sa ibang websites na magbibigay ng ibayong impormasyong siyentipiko at pangkalusugan na tungkol sa COVID-19. Ang mga ito ay ginamit upang mapagkunan ng impormasyon sa mga bahaging *Bakunang Pang-COVID-19: Mga Katanungang Klinikal* at sa *Gabay Pampamilya sa Coronavirus (COVID-19).*

- Centers for Disease Control and Prevention (United States) - impormasyon sa COVID-19
- Centres for Disease Control and Prevention Africa - impormasyon sa COVID-19
- European Centre for Disease Control and Prevention - impormasyon sa COVID-19
- Pan-American Health Organization/The World Health Organization - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - Rehiyonal na Tanggapan ng Africa - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - Rehiyonal na Tanggapan ng Silangang Mediterranean - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - Rehiyonal na Tanggapan ng Europa - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - Rehiyonal na Tanggapan ng Timog-Silangang Asya - impormasyon sa COVID-19
- The World Health Organization - Rehiyonal na Tanggapan ng Kanlurang Pasipiko - impormasyon sa COVID-19
- The United Nations International Children's Fund (UNICEF) - Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa bakunang pang-Covid-19